**REPUBLIC OF THE PHILIPPINES**
**BATANGAS CITY**

**OFFICE OF THE SANGGUNIANG PANLUNGSOD**

**EXCERPTS FROM THE MINUTES OF THE REGULAR SESSION HELD BY THE MEMBERS OF THE SANGGUNIANG PANLUNGSOD OF BATANGAS CITY ON APRIL 13, 2021 VIA ZOOM APPLICATION**

**PRESENT:**

| | | |
|---|---|---|
| Hon. Emilio Francisco A. Berberabe Jr., | | Presiding Officer |
| Hon. Alyssa Renee A. Cruz, | | Councilor |
| Hon. Aileen Grace A. Montalbo, | | " |
| Hon. Nestor E. Dimacuha, | | " |
| Hon. Karlos Emmanjuel A. Buted, | | " |
| Hon. Gerardo A. Dela Roca, | | " |
| Hon. Oliver Z. Macatangay, | | " |
| Hon. Nelson J. Chavez, | | " |
| Hon. Julian B. Villena, | | " |
| Hon. Michael Thomas T. Pastor, | | " |
| Hon. Isidra "Ched" M. Atienza, | | " |
| Hon. Maria Aleth A. Lazarte, | | " |
| Hon. Lorenzo A. Gamboa, Jr., | | " |
| Hon. Marjorie A. Manalo, | | SK-Fed. Pres. |
| Hon. Angelito "Dondon" A. Dimacuha, | (Sick Leave) | ABC-Rep. |

"On motion of Councilor Nestor Dimacuha seconded by Councilor Dela Roca, the following Resolution was Adopted:

**RESOLUTION NO. 95 S. 2021**

**RETURNING TO BARANGAY TALUMPOK SILANGAN ITS ORDINANCE NO. 1 S. 2021**

**RESOLVED**, to return to Barangay Talumpok Silangan its Ordinance No. 1 S. 2021 entitled "Pagbabawal sa Pagkuha ng Anumang Uri ng Halaman sa Kabundukan ng Mt. Banoy na Nasasakupan ng Barangay Talumpok Silangan, Lungsod ng Batangas at sa Pagpataw ng Parusa sa Lalabag Nito", for proper adjustment.

**UNANIMOUSLY APPROVED."**

- - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - -

I hereby certify that the foregoing Resolution No. 95 S. 2021 was approved by the Sangguniang Panlungsod of Batangas City during its Regular Session held on April 13, 2021.

**ATTY. OLIVA D. TELEGATOS**
Secretary

**ATTESTED:**

**EMILIO FRANCISCO A. BERBERABE, JR.**
Presiding Officer

ODT/pbcalleja...

REPUBLIC OF THE PHILIPPINES

BATANGAS CITY

OFFICE OF THE SANGGUNIANG PANLUNGSOD

EXCERPTS FROM THE JOURNAL OF THE REGULAR SESSION
VIA ZOOM HELD ON APRIL 13, 2021 AT
1:00 O'CLOCK IN THE AFTERNOON.

MGA NAGSIDALO:

| | |
|---|---|
| Vice Mayor Emilio Francisco A. Berberabe | Presiding Officer |
| Coun.Alysa Cruz Atienza | City Councilor |
| Coun. Aileen Montalbo | City Councilor |
| Coun. Nestor Dimacuha | City Councilor |
| Coun. Oliver Macatangay | City Councilor |
| Coun. Gerardo dela Roca | City Councilor |
| Coun. Julian Villena | City Councilor |
| Coun. Nelson Chavez | City Councilor |
| Coun. Isidra Atienza | City Councilor |
| Coun. Ma. Aleth Lazarte | City Councilor |
| Coun. Lorenzo Gamboa | City Councilor |
| Coun. Michael Thomas Pastor | City Councilor |

X - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - X

COUN. ALYSSA CRUZ ATIENZA: Item No 3, Mr. Presiding Officer, is Ordinansang Pambarangay Bilang 01, Serye ng 2021 ng Barangay Talumpok Silangan, Lungsod ng Batangas na may pamagat na "Pagbabawal sa Pagkuha ng Anumang Uri ng Halaman sa kabundukan ng Mt. Banoy na nasasakupan ng Barangay Talumpok Silangan, Lungsod ng Batangas at sa Pagpataw ng Parusa sa Lalabag dito", be approved.

COUN. JULIAN VILLENA: Second.

CHAIR: There is a motion that Item No. 3 – Ordinansang Pambarangay of Barangay Talumpok Silangan be approved, any comment?

COUN. GERARDO DELA ROCA: Comment, Mr. Chair.

CHAIR: Yes, Councilor Gerry dela Roca.

COUN. GERARDO DELA ROCA: Mr. Presiding Officer, maganda po itong pagbabawal ng pagkuha ng ano-anong uri ng halaman sa kabundukan ng Mt. Banoy, but then, wala po ba itong exemption? Ano bang uri ng halaman ang ipinagbabawal? Can we not distinguish kung anong halaman ang naroroon or what? Wala po ba tayong ii-insert na exemption dito or, I mean lahat po bang uri ng halaman? Kasi ang nakalagay ay "anomang uri", napaka-general po niyon. Kasi po itong ordinansa ay walang binanggit kung anong klase ng halaman.

CHAIR: Sige po. Noted po. Napaka-valid po ng inyong observation. Councilor Boy Dimacuha.

COUN. NESTOR DIMACUHA: Regarding sa Section 111, the fees imposed by the barangay ordinance is beyond their jurisdication. It is beyond their power to impose a maximum of three thousand pesos as penalty. It should be in consonance of Section 391, PAR 14 of the Local Government Code, it should not be exceeding three thousand pesos. So, I suggest that this ordinance be referred back for proper adjustment as far as Section 111 is concerned, Mr. Chair.

COUN. JULIAN VILLENA: Mr. Chair . . .

CHAIR: Yes, Councilor Julian Villena.

COUN. JULIAN VILLENA: Mr. Chair, dagdagan ko lang po iyong sinabi ni Konsehal Gerry, tama po ang sinasabi niya na dapat ay ma-identify yan dahil napaka-broad ng halaman. Pwedeng halamang pakain sa baka, pwedeng fruit bearing, pwedeng mga panglagay sa masetera. So ano po kaya yong mga klase ng halaman na ipagbabawal nilang kunin. Dapat ay may specific na sample doon. Baka may mga damong pakain sa baka ay ipagbawal nila.

CHAIR: Tama po yan, very valid ang mga reasons. May I ask Councilor Alyssa Cruz if you are amenable that this proposed ordinance be sent back to the proponent?

COUN. ALYSSA CRUZ ATIENZA: Yes po. I am respectfully withdrawing my motion Mr. Presiding Officer.

CHAIR: Thank you. Yes Councilor Nestor Dimacuha.

COUN. NESTOR DIMACUHA: Mr. Presiding Officer, I am reiterating my motion, a subsidiary motion, that this Ordinance be referred back to the proponent for proper adjustment.

CHAIR: Yes, noted po ang inyong subsidiary motion and I think this is

unanimously approved that this barangay ordinance of Barangay Talumpok Silangan be referred back to the proponent of this ordinance. Anymore comments/objection?

COUN. NESTOR DIMACUHA: One last comment Mr. Chair.

CHAIR: Yes, proceed Councilor Boy.

COUN. NESTOR DIMACUHA: Sana po ay maintindihan ng bawat barangay officials na mandato para sa atin dito na mag-review ng kanilang mga ordinansa at sana ay huwag nilang mamasamain kung ang lahat ng kanilang ordinansa ay nabibigyan natin ng kapunahan dahil ito naman ay para sa kaayusan ng kanilang ordinansa para sa isang tama at maayos na pagpapatupad. Kasi may mga balita po diyan na natatanggap na masyado raw sinisilip natin iyong kanilang mga isina-submit na ordinansa. Dapat malaman nila na it is within our power to review ng kanilang mga ordinansa kung yan ay naaayon sa itinatadhana ng batas. Hindi naman ang ibig sabihin ay kaya tayo nagbigay ng comment ay para tayo ay punahin, hindi ho. Pinag-aaralan yan para sa maayos at tamang pagpapatupad ng kanilang ordinansa.

CHAIR: Yes, noted po yan. Councilor Aleth your are now recognized.

COUN. MA. ALETH LAZARTE: Yes, Mr. Presiding Officer. Sang-ayon po ako sa sinabi ni Konsehal Boy at Kuya Julie, ano po. Kailangan din po talaga nating i-classify iyong sinasabing halaman na ipinagbabawal kasi lalo sa panahon ngayon ay isa na rin ito sa pinagkikitaan ng mga tao. Nakakatulong po lalo at walang hanapbuhay. Ang kinakailangan lamang po dito ay yong tamang regulation.

CHAIR: Maraming salamat Councilor Aleth Lazarte. Councilor Nelson you are now recognized.

COUN. NELSON CHAVEZ: Hindi naman ako against sa ordinansa ng Talumpok Silangan. Mr. Presiding Officer, alam naman po natin na ang Mt. Banoy ay may kanya-kanyang pag-aari sa lupain. Kung ito po ba ay private property ay hindi pwedeng kumuha ang may ari ng halaman?

CHAIR: Tama po yon, maganda po ang observation ninyo. Thank you po. Ipapalinaw po natin yan sa pangulo ng Talumpok Silangan.

COUN. NESTOR DIMACUHA: Last comment Mr. Chair.

CHAIR: Yes, Councilor Boy.

COUN. NESTOR DIMACUHA: Actually, ay dapat ding maging i-klaro iyong mga

lugar na kung saan ay talagang maraming halaman. Ang tinutukoy nila diyan ay doon sa Mt. Banoy, iyan po ang virgin forest, Iyan po ay yong tinutukoy na kung saan ay maraming iba't-ibang uri ng wild plants na ngayon nga ay pinagkikitaan. So dapat ay klaro din yong mga areas na kung saan ay dapat ipagbawal ang pagkuha ng mga ganyang halaman.

x----------------------------------x

## C E R T I F I C A T I O N

I hereby certify that the foregoing transcript is true and correct to the best of my own personal knowledge, belief and understanding.

**CECILIA D. ATIENZA**
Senior Administrative Asst. 1
(Stenographic Reporter IV